# Seattle Human Resources
# (Mga Tagatulong na Pantao ng Seattle)

Kimberly Loving, Umaaktong Direktor

**Bukas na Pagpapatala**
**Matatapos ng 5:00 pm sa**
**Oktubre 22**

**Tungkol Sa: Gawin ang Iyong mga Pagbabago sa mga Benepisyo ng 2022 bago lumampas ng Biyernes, Oktubre 22**

Mahal na Empleyado ng Lungsod:

Sa taon na ito, ang pagpapanatili ng kalusugan, kapakanan at katatagan ay napakahalaga. Ang Lungsod ay nag-aalay sa mga empleyado at pamilya ng maraming mapipiling benepisyo na sumusuporta sa mabuting kalusugan at pananalapi. Ang Bukas na Pagpapatala ay isang panahon upang tayahin ang iyong mga pangangailangan para sa 2022 at gawin ang mga pagbabago sa iyong mga piniling benepisyo. Ang Bukas na Pagpapatala ay magsisimula ng 8:00 am sa Biyernes, Oktubre 1 at magtatapos ng 5:00 pm sa Biyernes, Oktubre 22, 2021.

**Walang aksyon na kinakailangan** upang ipagpatuloy ang iyong mga kasalukuyang benepisyo para sa 2022 maliban kung gusto mong magpatala o muling magpatala sa isang Flexible Spending Account (FSA, Naiaakmang Kuwenta sa Paggasta). **Hindi tataas ang mga ibabawas sa suweldo para sa medikal sa 2022.**

**Ang Iyong mga Pagsasaalang-alang sa Employee Self-Service (ESS, Sariling-Serbisyo ng Empleyado)**:

- ❑ **Magpatala/muling magpatala sa isang FSA.** Upang magtabi ng bago-ang-buwis na pera para sa FSA sa Pangangalagang Pangkalusugan o Pangangalaga sa Nakadepende (Pag-aalaga sa Araw) ng 2022, ikaw **ay dapat na muling magpatala** sa panahon ng Bukas na Pagpapatala sa pamamagitan ng ESS. Ang kasalukuyan mong pagpili sa FSA ay hindi itinutuloy mula sa isang taon patungo sa kasunod. Para sa impormasyon tungkol sa plano, pumunta sa http://bit.ly/mostFSA.
- ❑ **Baguhin ang iyong mga benepisyo**. Gumawa ng ibang mga mapipili sa plano sa benepisyo, o magdagdag o mag-alis ng mga nakadepende.
- ❑ **Isapanahon ang iyong mga benepisyaryo.** Repasuhin ang iyong mga benepisyaryo ng seguro sa Buhay at AD&D sa ESS.

Tingnan ang kasunod na pahina para sa mga pagbabago ng plano sa 2022 at mga instruksiyon sa pagpapatala. Para mga karagdagang detalye, pumunta sa *Open Enrollment Highlights* (Mga Tampok sa Bukas na Pagpapatala) sa http://bit.ly/benhome1.

**Paunawa sa Itinakdang Huling Araw:** Upang magtatag ng isang FSA o gumawa ng mga pagbabago sa benepisyo para sa 2022, dapat mong gawin ito bago lumampas ang **5:00 pm sa Biyernes, Oktubre 22** sa pamamagitan ng Employee Self-Service.

Seattle Human Resources
Seattle Municipal Tower, 700 5th Avenue Suite 5500, PO Box 34028, Seattle, WA 98124-4028
(206) 684-7999 • TTY:7-1-1 Fax: (206) 684-4157 • Website ng Pagtatrabaho: www.seattle.gov/jobs
Isang tagapag-empleyo na nagbibigay ng pantay na pagkakataon. Ang mga kaluwagan para sa mga taong may kapansanan ay ipinagkakaloob kapag hiniling.

**Idokumento ang iyong mga piniling benepisyo sa 2022**: i-print o kumuha ng snapshot ng iyong **"Summary of Open Enrollment Elections (Buod ng mga Pagpili sa Bukas na Pagpapatala)"** sa Employee Self-Service at ikumpara ito sa pahayag ng mga benepisyo sa 2022 na matatanggap mo sa Enero. Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnay sa kinatawan para sa mga benepisyo ng iyong kagawaran (http://bit.ly/benhome1).

Sumasaiyo,



Renee Freiboth
Tagapamahala ng mga Benepisyo

# Mga Pagbabago sa Plano para sa Lahat ng Empleyado* Magkakabisa sa Enero 1, 2022

### Flexible Spending Account (Naiaakmang Kuwenta sa Paggasta)

| | |
|---|---|
| **Health FSA (FSA sa Kalusugan)** | Pagtatataas ng carryover mula sa $550 patungo sa walang limitasyon mula 2021 hanggang 2022 basta may pinakamababang balanse na $120 sa 2022 |
| **Day Care FSA (Pangangalaga sa Araw ng FSA)** | Pagbawas ng taunang pinakamataas na pagpili mula sa $10,500 patungo sa $5,000 kada sambahayan (limitasyon ng IRS)<br><br>Pagtatataas ng carryover mula sa $0 patungo sa walang limitasyon mula 2021 hanggang 2022 basta may pinakamababang balanse na $120 sa 2022 |

# Mga Pagbabago sa Plano para sa Karamihan ng mga Empleyado* Magkakabisa sa Enero 1, 2022

### Pampigil at Tradisyunal na mga Plano ng Aetna

| | |
|---|---|
| **Mga Serbisyo sa Kakayahang Magkaanak** | Pagpapalawak ng pagsaklaw mula Tier 2 patungo sa Tier 3, na kabilang ang Advanced Reproductive Technologies<br><br>Pagtataas ng limitasyon sa benepisyo sa buong buhay mula sa $10,000 patungo sa $20,000<br><br>Pagdagdag na Artificial Insemination bilang isang diyagnostikong serbisyo para sa mga babae na walang partner na lalaki<br><br>Pagdagdag ng henetikong pagsusuri ng mga embryo para sa isang alam na henetikong depekto sa pamilya na maaaring manahin |

### Standard and Deductible Plans (Pangkaraniwan at May Ibinabawas na mga Plano) ng Kaiser Permanente

| | |
|---|---|
| **Infusion Therapy** | Pagtalikdan sa kabahagi sa gastos para sa pagbibigay ng loob-ng-network na infusion therapy sa tahanan |

| | |
|---|---|
| **Mga Serbisyo sa Kakayahang Magkaanak** | Pagpapalawak ng pagsaklaw para sa Artificial Insemination at Ovulation Induction na kasama ang Advanced Reproductive Technologies<br><br>Pagtataas ng limitasyon sa benepisyo sa buong buhay mula sa $10,000 patungo sa $20,000<br><br>Pagdagdag na Artificial Insemination bilang isang diyagnostikong serbisyo para sa mga babae na walang partner na lalaki<br><br>Pagdagdag ng henetikong pagsusuri ng mga embryo para sa isang alam na henetikong depekto sa pamilya na maaaring manahin |

* Tingnan ang *Open Enrollment Highlights* sa http://bit.ly/benhome1 para sa mga karagdagang detalye.

## Online na Pagpapatala

**Mangyaring <u>huwag</u> hintayin ang huling araw** upang gawin ang iyong mga online na pagbabago.

| | | | |
|---|---|---|---|
| ***Mula sa tahanan o computer ng Lungsod*** | ess.seattle.gov | Piliin ang "Login to ESS" ("Mag-log in sa ESS") | Pagkatapos mag-log in, piliin ang "Open Enrollment" ("Bukas na Pagpapatala") sa ilalim ng *Benefits* (Mga Benepisyo) |